ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 13
Hulyo 7, 2019
www.philippinerevolution.info



EDITORYAL

# Ipamalas ang galit at lakas ng bayan

Walang duda, si Duterte ang pambansang maton ng Pilipinas. Balot ng bakal, asta niya'y wala siyang kinatatakutan.

Hawak niya ang armadong mga tauhan na walang utos na di sinunod. Ilampung libo na ang pinatay, milyun-milyon ang sinisindak. Hawak niya ang kabang-yaman ng bayan. Nasa bulsa niya ang kongreso at hawak sa leeg ang mga korte. Ang sinumang humarang ay sinasagasaan at bara-barang idinadawit sa droga. Ang sinumang manindigan ay kaibigan ng mga komunista.

Ang buong bansa ay nakapailalim sa kanyang tiraniya. Buong bayan ang nagdurusa. Walang trabahong makuha, walang lupang masaka. Walang umento at walang awat ang pagtaas ng presyo. Pamilyang Duterte ang yumayaman, sampu ng mga sindikato at oligarkong pinapaburan at mga kasosyong kapitalistang dayuhan. Kaliwa't kanan ang pangungutang para sa mga proyektong pinagkakakitaan. Hindi naman ang mamamayan ang makikinabang subalit ang pagbayad ay sa kanila pinapapapasan.

Subalit sa likod ng kanyang asta, nangangatog ang tuhod ni Duterte. Habang lango sa kapangyarihan, desperado ang kapit niya sa poder. Takot na takot siyang tumumba sa kanyang trono. Labis ang pangamba niyang papanagutin siya sa di mabilang na mga krimen at kasalanan sa bayan. Bangungot niya ang makulong at mamatay sa kulungan.

Pinakakinatatakutan ni Duterte ang magkaisa at magbangon ang milyun-milyong inaapi at pinagsasamantalahan, ang mga naghihirap at nagugutom, ang mga pumapasan ng bigat ng krisis, ang mga naghihikahos, ang mga naghihinagpis na ina, ang mga anak na di makapag-

*"Ipamalas...," sundan sa pahina 2*

## Mga opensiba sa Quezon at Kalinga

DI BABABA SA pitong taktikal na opensiba ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga prubinsya ng Quezon at Kalinga nitong nagdaang mga linggo. Di bababa sa 12 ang naitalang kaswalti ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Limang magkakahiwalay na operasyon ang inilunsad ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command) simula Hunyo 11 hanggang 26. Tatlo rito ay pananambang sa mga sundalo ng 80th at 85th IB na nagresulta ng tatlong patay at anim na sugatan sa mga sundalo.

Isa ang sugatan sa operasyong haras ng yunit ng BHB noong Hunyo 11 sa Lopez, Quezon. Inisnayp din ang mga nakahimpil na sundalo sa Barangay Malabahay, Macalelon noong Hunyo 26.

Isa naman ang napatay at isa ang nasugatan sa mga sundalo ng 50th IB sa Barangay Balantoy Balbalan, Kalinga. Pinaputukan sila ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Kalinga (Lejo Cawilan Command) noong Mayo 30. AB

*"Ipamalas...," mula sa pahina 1*

eskwela, sa madaling salita, ang masang magsasaka at manggagawang Pilipino. Kinatatakutan niyang siya'y ibagsak katulad nang ibinagsak ng sambayanan si Marcos at Estrada.

Sa takot ni Duterte na ito'y magkatotoo, walang patid ang panggigipit, paniniil, paninindak at pandarahas niya laban sa patriyotiko at demokratikong mga pwersa. Target niya ang mga aktibista, mga unyonista at organisador sa hanay ng iba't ibang sektor, maging ang mga tagapagtaguyod sa karapatang-tao, taong-midya at mga abugado.

Gamit ang pinaglumaan nang doktrinang antikomunista at antiterorista, pinararatangan sila ni Duterte na sangkot sa armadong kilusan, minamanman ang bawat kilos, sinasampahan ng gawa-gawang kaso, ibinibilanggo at pinapaslang. Layunin ni Duterte na patahimkin ang pambansa-demokratikong kilusang masa na nasa unahan at gulugod ng paglaban ng buong sambayanang Pilipino.

Ang paggamit ni Duterte ng buong lakas ng estado para supilin ang bayan, sa saligan, ay tanda ng mahina at marupok na naghaharing sistema at malalim nitong krisis sa pulitika at ekonomya. Ipinakikita nito na hindi kaya ni Duterte na idaan sa pagkumbinse ang bayan sa pamamagitan ng pagharap sa kanilang mga hinaing at pagtugon sa kanilang pangangailangan.

Sa mata ng bayan, naubusan na ng karapatang moral si Duterte na mamuno, matapos ang tatlong taon ng maramihang pagpatay, lalong paglaganap ng droga, bigong mga pangakong tapusin ang kontraktwalisasyon, pagpigil sa pagtaas ng sahod, huwad na reporma sa lupa, gutom at paghihirap sa kanayunan, panunupil at mga abusong militar, kataksilan sa bayan, pagbenta sa karapatan at patrimonya ng bansa, pagyuko sa dayuhang kapangyarihan, habang siya'y nagpapakasasa at nagpapayaman sa krimen at paglustay sa bilyun-bilyong pondo ng bayan.

Ang kawalan ni Duterte ng karapatan at katayuang moral na mamuno ay binabawi lamang niya sa kapangyarihan hango sa purong pasistang dahas ng estado. Hangga't hindi nakahaharap si Duterte ng mas malaking pwersa, patuloy niyang iwawasiwas ang kanyang kapangyarihan sa paniniwalang habampanahon siyang makapaghahari gamit ang takot at terorismo.

Sariling kasaysayan ng sambayanang Pilipino ang nagtuturo na pantasya lamang ang ambisyon ng mga diktador na habambuhay na maghari. Hangal si Duterte kung inaakala niyang walang kapangyarihang hihigit sa kanya. Tulad ng ipinakita ng sambayanang Pilipino noong 1986 at 2001, walang laban ang mga tirano't diktador sa nagkakaisang bayan!

Napapanahon nang wakasan ang paghahari ni Duterte. Labis na pagdurusa pa ang daranasin ng bayan kung magtatagal pa siya nang tatlong taon sa poder. Dapat nang muling ipamalas ng sambayanan ang kanilang kapangyarihan. Ito ay kapangyarihan na nagmumula sa pagkakaisa sa diwang patriyotiko at demokratiko. Mula sa mga pabrika at paaralan, at mga komunidad sa kalunsuran at kanayunan, dapat samasamang dagsain ng milyun-milyon ang lansangan sa mga syudad at sentrong bayan. Basagin ang takot at sabay-sabay na sumisigaw ng katarungan at kalayaan laban sa tiraniya at terorismo.

Dapat ubos-kayang magpunyagi ang Bagong Hukbong Bayan na kunin ang inisyatiba upang maglunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga pwersang militar, pulis at mga armadong tauhan ni Duterte na naghahasik ng teroristang karahasan laban sa mamamayan.

Padagundungin sa buong kapuluan ang mga yabag ng masang anakpawis at lahat ng nagmamahal sa kalayaan at demokrasya. Yanigin ang rehimeng US-Duterte. Yanigin ang buong Pilipinas. AB

ANG Bayan

Tomo L Blg. 13 | Hulyo 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Ipamalas ang galit at lakas ng bayan 1
AFP nagtamo ng 12 kaswalti 1
*Impeachment* kay Duterte, tumitibay 3
Fil-Am Friendship Day 3
P7.9 trilyon, pambansang utang 3
Nakalalasong kalagayan sa PEPMACO 4
Manggagawa ng NutriAsia, nagwelga 5
Pilipinas, masahol para sa manggagawa 5
Barikada laban sa Oceanagold 5
Parada ng LGBT 6
Ulat sa paglabag sa karapatang-tao 6
1 pinatay, 13 inaresto sa Negros 7
Esperon, maton ng pasistang pangulo 8
"Gera kontra-droga," pinaiimbestigahan 9
Ika-6 na asembliya ng ILPS, ginanap 9
Kasong *kidnapping*, ibinasura 9
Pandaigdigang produksyon, bumagal 10
Pang-aapi ni Trump sa mga migrante 11
Panggigipit sa Venezuela at Iran 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Kasong *Impeachment*, tumitibay

TUMIBAY ANG MGA batayan para patalsikin si Rodrigo Duterte bilang presidente sa pamamagitan ng *impeachment* dulot ng pagpapahintulot niya sa China na mangisda sa teritoryong dagat ng bansa.

Idinadahilan ni Duterte ang "berbal na kasunduan" nila ni Xi Jinping, presidente ng China, na nabuo nang bumisita siya sa China noong 2016. Napagkasunduan diumano nila na papayagan ang mga mangingisdang Chinese na mangisda sa karagatan ng Pilipinas.

Sa "berbal" na pakikipagkasundo ni Duterte, muli niyang ipinamalas ang pag-abuso sa kapangyarihan at pagdedesisyon. Malinaw itong paglabag sa konstitusyong 1987 at matibay na batayan para sa kanyang *impeachment*. Ginagamit niyang dahilan ang "usapan" para bigyang-matwid ang pagtangging pagbawalan ang China na dambungin ang rekursong dagat ng Pilipinas at itaguyod ang kautusan ng konstitusyong 1987 na proteksyunan ang mga rekurso ng Pilipinas na nasa loob ng eksklusibong sonang pang-ekonomya nito.

Ngayon pa lamang, mabilis nang nasasaid ng mga barkong pangisda ng China ang mga rekurso sa Recto Bank dahil sa kanilang modernong mga kagamitan, kumpara sa mababang uri na mga bangkang pangisda ng mga Pilipino.

Sinusubsidyuhan ng China, at maging ng Vietnam, ang kanilang mga mangingisda para pumalaot sa South China Sea. AB

Sa ika-73 taon ng Fil-Am Friendship Day

## Wakasan ang deka-dekadang pagkaalipin

LAMPAS PITONG DEKADA na ang nakalilipas matapos bigyan ng huwad na kalayaan ng US ang Pilipinas. Hanggang ngayon, malinaw na dominado pa rin ng US ang ekonomya, pulitika, militar at kultura ng bansa. Dapat na itong wakasan para ganap nang lumaya ang mamamayan sa pagkaalipin ng bansa sa US.

Sa loob ng 73 taon, malayang nakapagpapatuloy ng paghahari ang US sa pamamagitan ng masugid na papet nito sa gubyerno mula kay Manuel Roxas hanggang kay Rodrigo Duterte. Walang patid na ipinatupad ng mga ito ang mga patakarang tumitiyak sa interes ng imperyalismong US sa bansa. Itinayo at nagsisilbing pangunahing haligi ang Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa ilalim ng paghahari nito, bigong umusad ang kakayahan ng lokal na ekonomya sa produksyon at nananatiling nangangayupapa sa malalaking korporasyon ng US, mga bangko at institusyong pampinansya ang bansa.

Higit pang tumindi ang sosyo-ekonomikong kalagayan ng mamamayan matapos ipatupad ng US ang globalisasyon noong 1990s na nagbuyangyang sa rekurso ng bansa at lumansag sa mga patakarang nagpuprotekta sa pambansang industriya, nagsapribado sa mga pag-aari ng estado, nagbigay laya sa mga dayuhan at malalaking negosyo na magmay-ari ng mga susing utilidad, nag-alis sa mga regularisasyon sa paggawa at pamantayan sa pangangalaga ng kalikasan at iba pang mga mapagsamantalang patakaran.

Sa panig ng AFP, hawak ng US ang indoktrinasyon, pagsasanay, armas at pondo ng mga upisyal at sundalo. Daan-daang tropa ng US at mga tagapayo nito ang nakakampo sa loob ng bansa, nangunguna sa mga kontra-rebolusyonaryong operasyon at madalas na nagpapadala ng kanilang tropa at kagamitan sa gera.

### Protesta sa embahada

Nagprotesta ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa harap ng embahada ng US noong Hulyo 4 para pabulaanan ang kunwa'y pagkakaibigan ng US at Pilipinas. Binatikos nila ang palagian at tumitinding interbensyon ng US sa bansa. Kabilang sa kinundena nila ang tuluy-tuloy na paggamit ng AFP ng mga bombang mula sa US sa pangwawasak ng mga komunidad at lupang ninuno ng mga Pilipino.

Naglunsad din ng katulad na pagkilos ang Bayan-Panay sa Plazoleta Gay, Iloilo City. AB

## Pambansang utang ng Pilipinas, pumalo nang P7.9 trilyon

LUMOBO NANG P1.9 trilyon ang pambansang utang ng Pilipinas mula nang maupo sa poder ang palautang na si Rodrigo Duterte. Noong Mayo, pumalo ang utang sa P7.9 trilyon, mas mataas nang 32% sa naiulat na P6 trilyong utang noong Hulyo 2016. Tumaas din ito nang 1.7% kumpara sa naitalang P7.8 trilyong utang noong Abril 2019. Ito na ang pinakamataas na inabot ng utang sa buong kasaysayan ng bansa.

Bunsod nito, tumaas nang 27% ang utang ng bawat Pilipino mula sa tinatayang P58,064 noong Hulyo 2016 tungong P73,672 noong Mayo. Ang pagsirit na ito ay direktang resulta ng sobra-sobrang pangungutang ng rehimeng Duterte para pondohan ang engrandeng programang imprastruktura nito na inaasahan nitong pansamantalang magpapasiklab sa ekonomya. AB

# Pandarahas at nakalalasong kalagayan sa Pepmaco

Hampas ng batuta, pambobomba ng tubig at malalaking tipak ng bato ang bumulahaw sa mahigit 200 manggagawang natutulog sa kanilang kubol sa harap ng pagawaan ng Peerless Products Manufacturing Corporation (Pepmaco) sa Calamba, Laguna noong Hunyo 28, ala-una ng madaling araw.

Isinagawa ang atake ng 20 maton ng kumpanya para buwagin ang piketlayn ng mga manggagawa at itaboy sila sa lugar. Labindalawang welgista ang malubhang nasugatan. Winasak din ng mga maton ang kanilang kubol at mga kagamitan, kabilang ang inimbak nilang mga pagkain. Tinangay pa ng mga kriminal ang kanilang personal na mga gamit.

Ang Pepmaco ay kumpanyang gumagawa ng sabon at shampu na kilala sa mga produktong Champion, Hana at Calla. Pagmamay-ari ang kumpanya ng kapitalistang si Simeon Tiu. Mula 2013 hanggang 2016, nakisosyo si Tiu sa Lion Corporation, ang pinakamalaking kumpanyang gumagawa ng tutpeyst sa Japan. Ang Lion Corporation ay kilala sa produkto nitong Systema na ibinebenta na rin ng Pepmaco. Ang mga manggagawa ng Pepmaco ang nagpoprodyus at nagsusuplay ng kemikal na *surfactant* sa mga kumpanya ng Procter and Gamble at ACS, na inaangkat sa ibang bansa.

**Mga paglaban ng PWU**

Noong nakaraang taon pa nagsimulang magprotesta ang mga manggagawa sa Pepmaco. Itinatag nila ang Pepmaco Workers Union (PWU-NAFLU-KMU) noong Enero 2018 at inilunsad ang kampanya laban sa kontraktwalisasyon, pambabarat sa sahod, kawalan ng benepisyo at hindi ligtas na kalagayan sa paggawa. Rumurok ang paglaban ng mga manggagawa nang ikasa nila ang kanilang welga noong Hunyo 4.

Mula nang ilunsad ang kampanya, umaabot na sa 64 manggagawa, kabilang ang mga lider ng unyon, ang iligal na sinisante ng kumpanya.

Noong Setyembre 2018, nalantad sa isinagawang imbestigasyon ng Department of Labor and Employment na malawakang ipinatutupad ng Pepmaco ang kontraktwalisasyon sa porma ng *job outsourcing*. Para takasan ang mga ligal na obligasyon nito at pababain ang gastos sa lakas paggawa, hindi nito direktang iniempleyo ang mga manggagawa at sa halip ay gumagamit ng mga ahensya sa paggawa. Kabilang sa mga pinagkukuhanan nito ng mga manggagawa ang Luxor Manpower, VMS at JER Human Resources Corp.

**Barat na sahod, nakalalasong kalagayan**

Sa 500 manggagawa ng Pepmaco, 400 ang kontraktwal mula sa mga ahensya, habang 50 kontraktwal naman ang direkta nitong iniempleyo. Samantala, 50 lamang ang regular na empleyado nito, na karamihan ay mga superbisor at *chemical engineer* na hindi direktang lumalahok sa produksyon.

Karamihan sa mga manggagawa ay 10-15 taon nang kontraktwal at nagtitiis sa P373-P400 kada araw. Tumataas lamang ang kanilang sahod dahil sa regular nilang pag-oobertaym ng apat na oras araw-araw.

Sa pag-aaral na isinagawa ng unyon, tinatayang may kakayahang lumikha ang 15 manggagawa ng P2.3 milyong halaga ng sabon sa loob lamang ng 12 oras. Sa halagang ito, umaabot lamang sa P13,000 ang kabuuang napupunta sa mga manggagawa.

Walang benepisyo ang mga manggagawa. Ang kanilang mga kontribusyon sa SSS, PhilHealth at Pag-ibig ay hindi inireremit at pinagkakakitaan pa ng kumpanya. Sapilitan namang pinagbibitiw sa trabaho ang mga buntis.

Bukod dito, nalantad din na lumalabag ang kumpanya sa mga istandard sa kalusugan at ligtas na trabaho. Sa mga planta nito, wala ni anumang proteksyon ang mga manggagawa kaya direkta nilang nahahawakan at nalalanghap ang nakalalasong mga kemikal na ginagamit sa paggawa ng sabon. Iniinda nila ang pagkasunog ng balat, pamumula at pangangati ng mata at kahirapan sa paghinga. Wala ring klinika, mga babala at *fire exit* sa loob ng pagawaan. AB



## Manggagawa ng NutriAsia Laguna, nagwelga

IKINASA NG MGA manggagawang kasapi ng Kilusan ng Abanteng Seksyon ng Anakpawis sa NutriAsia (KASAPINA-OLALIA-KMU) ang kanilang welga sa harap ng pabrika sa Cabuyao City, Laguna noong madaling araw ng Hulyo 6. Kinandado ng daan-daang manggagawa ang tatlong tarangkahan ng planta para pigilan ang operasyon nito at harangan ang paglabas-masok ng mga produkto.

Bilang tugon, marahas na binuwag ng mga maton at pulis ang kanilang protesta. Gumamit ang mga pulis ng *backhoe* para wasakin ang tarangkahan. Labimpitong manggagawa ang inaresto, kabilang ang isang babae, at ilan ang nasugatan.

Inilunsad ng mga manggagawa ang welga bilang pagkundena sa kabiguan ng kumpanya na ipatupad ang utos ng DOLE noon pang nakaraang taon na gawing regular ang mga manggagawa. Sa kasalukuyan, mahigit 1,000 ang kontraktwal sa planta nito sa Cabuyao. Inirereklamo rin ng mga manggagawa ang barat na sahod, at di makataong kalagayan sa paggawa.

Una nang nalantad ang malawakang kontraktwalisasyon sa NutriAsia nang magwelga ang mga manggagawa nito sa Bulacan noong nakaraang taon. Ang NutriAsia ang pinakamalaking kumpanyang gumagawa ng mga produktong ketsap, sarsa, sawsawan at mantika sa bansa. Ito ay pagmamay-ari ng burges kumprador na si Joselito Dee Campos Jr., anak ni Joselito Yao Campos Sr., na kilalang kroni ng dating diktador na si Ferdinand Marcos. AB

## Pilipinas, isa sa pinakamasahol na bansa para sa mga manggagawa

Noong Oktubre 2018, inatasan ni Rodrigo Duterte ang mga elemento ng pulis na "barilin" ang mga manggagawang bukid na maglulunsad ng bungkalan. "Kung lalaban sila nang marahas, barilin ninyo," aniya. "Wala akong pakialam kung mamamatay sila."

Binanggit ni Duterte ang mga salitang ito ilang oras lamang bago naganap ang pagpaslang sa siyam na manggagawang bukid sa Hacienda Nene, Sagay City sa isla ng Negros. Hindi katakataka na sa ulat ng International Trade Union Confederation (ITUC) noong Hunyo, inilahad nito ang kaso ng Sagay bilang isa sa batayan ng pagtukoy sa Pilipinas bilang isa sa 10 bansang pinakamasahol para sa mga manggagawa.

Sa tatlong magkakasunod na taon, kabilang ang Pilipinas sa nangungunang 10 bansa na tinaguriang "pinakamasasahol na bansa para sa mga manggagawa." Ngayong taon, kahanay ng Pilipinas ang Brazil, Saudi Arabia, Algeria at Bangladesh sa may pinakamasahol na rekord sa paggalang sa mga karapatan sa paggawa. Batay sa pag-aaral ng ITUC, kabilang sa pinakanilalabag na mga karapatan ng manggagawa ang karapatang magwelga (nagaganap sa 85% ng mga sinarbey na bansa), karapatan sa kolektibong pakikipagtawaran (80%), karapatan na magtayo o sumali sa unyon (74%), mga karapatang sibil at karapatan sa mga aktibidad ng unyon. Parami nang parami ang mga bansang marahas na sumusupil sa welga at sinasampahan ng mga kasong kriminal ang mga welgista.

Sa Asia-Pacific, lahat ng mga bansa ay lumabag sa karapatan sa kolektibong pakikipagtawaran. Sa Pilipinas, ipinapasa pa ng reaksyunaryong estado ang mga batas para tiyaking gipit ang mga karapatan sa paggawa. Higit dito, nakapagtaya na ang Karapatan ng 20 kaso ng pagpaslang ng mga manggagawa, arbitraryong pag-aresto at detensyon ng mga unyonista at organisador sa hanay ng mga manggagawa. Laganap ang pambubuwag ng mga welga, piket at protesta, pagbabanta at pananakot, *Red-tagging* at pananakit sa sektor. AB

## Barikada laban sa Oceanagold

MULING ITINAYO NG mga residente sa Sityo Camgat, Barangay Didipio, Kasibu, Nueva Vizcaya ang kanilang barikada noong Hunyo 6 upang pigilan at kundenahin ang patuloy na pagmimina ng Oceanagold Philippines Inc. (OGPI), isang dambuhalang kumpanyang Australian na nagmimina ng ginto at tanso, kahit pa paso na ang kontrata nito.

Itinayo ang barikada sa haywey na daanan ng mga sasakyan ng Oceanagold. Ayon sa mga residente, magpapatuloy ang barikada hanggang ganap nang mapalayas ang minahan sa kanilang komunidad. May 50 hanggang 100 residente ang nagbabantay dito sa loob ng 24 oras kada araw. Mula Hulyo 1, walang trak o gamit ng kumpanya ang nakalusot dito. Bago nito, pinagbawalan na rin ng lokal na gubyerno ang mahigit 12,000 ektaryang operasyon ng kumpanya.

Notoryus ang minahan sa mawalakang paninira sa kapaligiran, pagpapalayas at karahasan laban sa mga magsasaka at katutubo. Mula nang magsimula ang operasyon noong 1994, ekta-ektarya nang kagubatan ang nakalbo at unti-unting naubos ang inuming tubig dulot ng pagkalason ng mga ilog. Dalawang manggagawa na rin nito ang namatay dahil sa hindi ligtas na kundisyon sa minahan.

Kaugnay nito, nagmartsa ang Kalikasan People's Network Alliance for the Environment noong Hulyo 2 patungo sa Mines and Geosciences Bureau bilang pagsuporta sa paglaban ng mga residente. AB

# Magkasamang lumaban, panawagan ng LGBT

"RESIST TOGETHER!" (Magkasamang lumaban!) Ito ang tema at panawagan ng mga lesbyan, bakla, *bisexual* at *transgender* o LGBT at kanilang mga tagasuporta sa rali sa Maynila noong Hunyo 28. Itinaon ang rali sa paggunita sa ika-50 taong paglaban ng mga bakla sa tinaguriang Stonewall Riots sa New York City noong 1969 at sa unang Pride March sa bansa na pinangunahan ng organisasyong Progay noong 1994.

Pinangunahan ng grupong Bahaghari ang protesta, kasama ang mga grupo ng mga magsasaka, taong simbahan at iba pa. Nangunguna sa kanilang panawagan ang pantay na karapatan sa anumang uri, kasarian at lahi, at ang kanilang karapatang sibil na magpakasal. Dala-dala rin ng grupo ang panawagan laban sa kontraktwalisasyon, mga atake sa magsasaka sa kanayunan at para sa pambansang soberanya.

Inspirasyon ng Bahaghari ang pag-aklas ng mga aktibista ng Stonewall sa kanilang pakikibaka. Matapos ang mga labanan sa panahong iyon, nabuo ang mga organisasyon ng bakla na kumundena hindi lamang sa diskriminasyon sa kanila kundi pati sa rasismo. Aktibong sumuporta ang mga organisasyong ito sa mga pambansang kilusang mapagpalaya sa malakolonyang mga bansa.

Ang taunang martsa ay hindi lamang selebrasyon ng mga tagumpay ng mga LGBT na lumaban, kundi pagpapatuloy din ng kanilang protesta. Ang kulay na bahaghari ang simbolo ng LGBT.

Nagpahayag ng suporta si Prop. Jose Ma. Sison sa martsa. Aniya, napapanahon ang napiling tema na nagbibigay diin sa kahalagahan ng sama-samang pagkilos ng LGBT, kapwa sa kasaysayan at sa kasalukuyan. Napapanahon din ito dahil kinakaharap ng mga Pilipino ang isang kontra-bakla at kontra-kababaihang rehimen.

Mahalaga ang pagkilala ng sama-samang pagkilos ng LGBT para sa kanilang mga karapatan bilang sektor at bilang bahagi ng inaaping mga uri. Ito ay para labanan ang paggamit ng mga mapagsamantalang gubyerno at estado sa lakas ng LGBT.

Sa nakaraan, kapansin-pansin ang paggamit ng mga pagdiriwang para sa komersyal na pakinabang nito sa pagpapalapad ng merkado. AB

# Ulat sa karapatang-tao sa pangalawang kwarto ng 2019

*Ang ulat na ito ay halaw sa mga ibinalita ng* Ang Bayan *na mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na isinagawa ng Armed Forces of the Philippines, Philippine National Police at iba pang mga armadong elemento ng reaksyunaryong rehimeng US-Duterte sa buong bansa nitong ikalawang kwarto ng 2019.*

SA INISYAL NA tala ng *Ang Bayan*, umaabot sa 191 o dalawa kada araw ang naging biktima sa iba't ibang tipo ng paglabag ng rehimeng Duterte sa karapatang-tao mula Abril 1 hanggang Hunyo 31.

Sa abereyds, may isang pinapatay at tatlo ang iligal na inaaresto kada limang araw. Kada araw naman ay may isang pinagbabantaan, ginigipit o tinatakot.

**Pagpaslang, bigong pagpaslang at tortyur.** Umabot na sa 19 ang mga sibilyang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa buong bansa sa nakalipas na tatlong buwan. Sampu ang pinaslang sa Luzon, anim sa Visayas at lima sa Mindanao. Pinakamarami ang pinaslang sa rehiyon ng Bicol (10 biktima). Samantala, nakapagtala rin ang *Ang Bayan* ng tatlong kaso ng bigong pagpaslang at isang kaso ng tortyur.

**Iligal na pag-aresto at arbitraryong detensyon.** Sa parehong panahon, umabot na sa 63 ang naging biktima ng iligal na pag-aresto at arbitraryong detensyon. Apatnapu't isa ang inaresto sa Luzon, 15 sa Visayas at pito sa Mindanao. Pinakamaraming inaresto sa Negros (14) na sinundan naman ng Bicol (13). Samantala, isang sibilyan ang dinukot ng mga pwersa ng estado at hindi pa inililitaw.

**Pambobomba, istraping at militarisasyon.** Hindi bababa sa limang kaso ng istraping at pambobomba ang naiulat sa ikalawang kwarto ng taon. Dagdag dito ang 39 insidente ng okupasyon at pang-aatakeng militar sa mga komunidad kung saan 26 ang naiulat sa Luzon, 10 sa Visayas at tatlo sa Mindanao. *(Nota: Lubhang napakababa ng datos na nakalap sa Mindanao dulot ng panggigipit at masasaklaw na operasyong militar ng AFP sa isla.)* Pinakamarami ang naiulat na kaso ng militarisasyon sa Southern Tagalog (18 kaso) na sinundan naman ng Negros at Bicol (8 kaso).

**Pagbabakwit.** Nagresulta ang mga pang-aatakeng ito sa pagbabakwit ng hindi bababa sa 3,530 indibidwal. Pinakamarami ang mga biktima sa Negros kung saan mahigit 2,000 ang nagbakwit dahil sa panliligalig ng mga sundalo at pulis sa kani-kanilang mga komunidad.

**Pagbabanta, panggigipit at intimidasyon.** Nakapagtala ng 99 biktima ng pagbabanta, panggigipit at intimidasyon. Pinakamarami ang naitalang kaso sa Eastern Visayas (63) na sinundan naman ng Bicol (24). AB

# 1 pinatay, 13 iligal na inaresto sa Negros

Patuloy pa rin ang paghahasik ng lagim ng pinagsamang pwersa ng Philippine National Police (PNP), Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga paramilitar sa isla ng Negros sa bisa ng Memorandum Order No. 32 at Joint AFP-PNP Campaign Plan Kapanatagan ni Rodrigo Duterte. Sa loob lamang ng tatlong araw nakapagtala ang mga grupo sa karapatang-tao ng 13 kaso ng iligal na pag-aresto at isang pagpaslang.

Noong Hunyo 27, binaril at napatay ng hindi pa nakikilalang salarin si Lito Itao, awditor ng Guihulngan City Habal-habal United Operators and Drivers Association at punong barangay tanod ng Barangay Buenavista. Si Itao ang ika-67 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Negros sa ilalim ni Duterte.

Mula Hunyo 26 hanggang Hunyo 27 magkakasunod na pag-aresto ang isinagawa ng magkasanib na tropa ng 62nd IB at PNP sa mga komunidad ng Negros Occidental sa tabing ng Synchronized Enhanced Management of Police Operations (SEMPO).

Nagsimula ang pag-atake noong hatinggabi ng Hunyo 26 hanggang alas-3 ng madaling-araw noong Hunyo 27. Inaresto sa mga operasyong ito ang mag-asawang sina Francisco at Kapid Alabangan sa Barangay Mansalanao, La Castellana; si Jorex Escapalao sa Hacienda Raymunda, Barangay Kapitan Ramon, Silay City; pastor ng UCCP na si Jimmy Teves at mga magsasakang sina Jodito Montecino, Eliseo Andres, JP Romana, Rodrigo Medes at Roger Sabanal sa Barangay Buenavista, Himamaylan.

Noong Hunyo 28, dinakip din ang mga magsasakang sina Rea Casido, Teodor Casido, Danny Casido at Venancio Cadeliña sa Barangay Lamogong, Manjuyod. Sila ay inaakusahang mga myembro at tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan.

Dinukot naman ng limang armadong kalalakihan si Arnaldo Namu sa kanyang bahay sa Barangay Mansalanao, La Castellana, alas-dose ng hatinggabi noong Hunyo 27.

Mula Hunyo 17 inokupa ng mga sundalo ng 62nd IB ang mga barangay ng Mansalanao, Camandag, Manghanoy at Sag-ang sa bayan ng La Castellana. Okupado rin ng militar ang Barangay Macagahay sa bayan ng Moises Padilla at Barangay Planas sa Guihulngan City.

Samantala, mahigit 2,000 residente ang nagbakwit mula sa mga barangay ng Bantolinao, Salvacion, Candabong, Butong at Lamogong sa Manjuyod noong Hunyo 23 dahil sa operasyong militar sa kanilang mga komunidad. Ayon sa mga residente, nakarinig sila ng putukan noong gabi ng Hunyo 22, kung saan isang sibilyan ang naiulat na nasawi.

Sa Camarines Sur, pinatay sa pamamaril si Albert Caballero Villarete noong Hulyo 2 habang sakay ng kanyang motorsiklo patungong Barangay Sta. Cruz, Caramoan. Nakilala ang suspek na si Randy Santileses na myembro ng CAFGU at hawak ng 83rd IB.

Kilala si Villarete sa kanyang progresibong tindig at paglahok sa anti-pasistang mga pagkilos sa lugar.

Samantala, noong Hunyo 29, walang-awang pinaslang ng magkasamang pwersa ng 4th IB at PNP si Prente "Lolo Printis" Gutierez, 80-taong gulang na magsasaka sa Sityo Cambiswer 1, Barangay Poblacion, Calintaan, Occidental Mindoro. Si Gutierez ay bantog na lider ng lokal na simbahan sa Calintaan. Pinalalabas ng AFP at PNP na kasapi siya ng BHB sa kabila ng kanyang edad. Pinamunuan ni Lt. Col. Alexander Arbolado ng 4th IB at PCpt. Ariel Roldan ang operasyon.

Bago ito, dinumog ng pwersa ng 203rd Brigade, 4th IB, 76th IB at PNP Oriental Mindoro ang mga komunidad ng Mangyan sa Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Hanggang sa kasalukuyan ay hinaharang ng militar ang mga ayuda para sa mga residente. Noong Hulyo 3, nag-ulat ang mga residente ng Barangay San Cristobal, Victoria, Oriental Mindoro na dalawang beses na nagpalipad ang 203rd Brigade ng *drone* sa kanilang komunidad at limang beses silang binomba at inistraping.

Sa Quezon, iligal ding inaresto ng 85th IB si Crispin Gonzales, magsasaka, at si Albert Julita, manggagawa sa konstruksyon, sa Barangay San Francisco B, Lopez noong Hunyo 23. Noong Hulyo 3, binugbog at dinukot ng parehong yunit ng militar si Rico Quidor at isa pang magsasaka naman mula sa Vista Hermosa, Macalelon.

Samantala, ligalig ang dulot ng patuloy na militarisasyon ng mga komunidad sa mga bayan ng Catanauan, General Luna, Lopez at Macalelon. Ayon sa mga residente, sapilitang pinapasok at hinahalughog ng militar ang kanilang mga kabahayan.

Sa Bukidnon, inaresto ng PNP si Jun Guianaonao, tagapangulo ng KASAMA-Bukidnon at Ronnie Estonzo noong Hunyo 19 sa Valencia City.

Iniulat naman noong Hunyo ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL)-Nueva Ecija ang panghahalihaw ng mga pwersa ng 69th IB, 91st IB at 84th IB sa barangay Putlan, Caranggalan; 32 barangay sa Guimba; at Barangay San Antonio, Cuyapo.

Sa Cagayan de Oro at Cebu, tuluy-tuloy pa rin ang *Red-tagging* laban sa mga aktibista, abugado at tagapagtanggol ng karapatang tao. Kabilang sa mga pinakabagong kaso ang muling pagbabanta kay Beverly Musni at Dr. Phoebe Zoe Sanchez nitong Hunyo. AB

# Esperon, maton ng pasistang mga pangulo

Mariing tinuligsa ng Karapatan ang pagsasampa ni National Security Adviser Hermogenes Esperon Jr. ng kasong *perjury* (pagsisinungaling sa korte) laban sa Karapatan, Gabriela at Rural Missionaries of the Philippines matapos ibasura ng Court of Appeals noong Hunyo 28 ang kanilang petisyon para sa *writ of amparo* at *habeas data*. Ayon sa Karapatan, ang pagkaso ni Esperon ay patunay na pursigido ang rehimeng Duterte na patahimikin ang mga kritiko nito.

Hindi na bago ang mga atake ni Esperon sa mga progresibong organisasyon. Mula noong rehimeng Arroyo hanggang sa kasalukuyan, gumagampan siya bilang panatikong maton ng mga pasistang nakaupo sa kapangyarihan.

**Kampon ni Gloria**

Kilalang masugid na kampon ni dating presidente Gloria Macapagal-Arroyo si Esperon. Pinamunuan niya ang Presidential Security Group noong 2002-2003 bago naitalaga sa Special Operations Command. Noong eleksyong 2004, malaki ang kanyang naging papel sa pandaraya ni Arroyo upang manalo, partikular sa Mindanao. Ginamit ni Esperon ang mataas na katungkulan sa AFP upang manuhol sa mga kumander ng militar, o kaya'y alisin sa pwesto yaon namang mga kontrolado ng kalabang kandidato.

Bilang gantimpala, pinaburan siya ni Arroyo upang maging punong kumander ng Philippine Army. Kasunod nito'y ginawaran siya ng pinalawig na pusisyon bilang Armed Forces of the Philippines (AFP) Chief of Staff kung saan nasangkot siya sa mga kaso ng korapsyon, kabilang ang pagpatong ng P800 milyon sa gastos para sa pagkumpuni ng tatlong bangkang pampatrulya ng Philippine Navy.

Humawak si Esperon ng mga susing pusisyon sa AFP sa panahon ng brutal na kampanyang Oplan Bantay Laya 1 at 2. Sa ilalim ng pamumuno ni Arroyo mula 2001-2010, mahigit 1,300 ang naitalang kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay at sapilitang pagkawala. Malaking bahagi nito ay pananagutan ni Esperon—bilang Deputy Chief of Staff for Operations (2003), hepe ng Philippine Army (2004) at AFP Chief of Staff (2006-2008). Sa mga panahong ito namayagpag ang mga pusakal na pasistang sina Jovito Palparan at Eduardo Año.

Maliban dito, 32 kaso ng tortyur ang isinampa laban kay Esperon noong 2001 bilang kumander ng 103rd Infantry Brigade sa Basilan.

**Ahente ng US**

Mula nang maupo si Esperon bilang AFP Chief of Staff hanggang maging Presidential Adviser on the Peace Process sa ilalim ng rehimeng Arroyo, madalas siyang nakikipagpulong nang pribado kay dating US ambassador Kristie Kenney. Sa mga pulong na ito iniuulat ni Esperon ang kalagayang pampulitika sa bansa—mula sa mga tangkang kudeta, ekstrahudisyal na pagpatay sa mga aktibista, gera laban sa rebolusyonaryong kilusan at Bangsamoro, at iba pa.

Sa mga pulong din na ito naitutulak ng US ang direksyong tatahakin ng AFP, partikular sa "kontrainsurhensya." Bago pa man inilabas ng US State Department ang Counterinsurgency (COIN) Guide noong 2009, makailang ulit nang idiniin ni Kenney at mga upisyal ng US Embassy ang pagsustine sa "gera kontra-terorismo," "pagtaguyod sa demokrasya," pagtugon sa "palagay ng publiko kaugnay ng korapsyon sa gubyerno", at iba pang sangkap ng "kontrainsurhensya."

Dadalhin ni Esperon ang mga kabuktutan at panlilinlang ng US COIN Guide sa kanyang paghawak ng pusisyon bilang pangkalahatang direktor ng National Security Council ng gubyernong Duterte. Batay sa COIN Guide, itinulak niya ang pagbubuo ng National Task Force (NTF) "para tapusin ang lokal na komunistang armadong sigalot" at tumayong kanang-kamay ni Duterte sa pagpapatupad nito. Bahagi ng NTF ang "whole-of-nation approach" o pagpapailalim ng mga sibilyang ahensya ng gubyerno sa kumand ng AFP, pagpapatindi ng saywar at kaakibat nitong pagtindi rin ng armadong pagsupil sa paglaban ng mamamayan.

**Korap at oportunista**

Nang bumalik sa gubyerno, nasangkot si Esperon sa burukrata-kapitalistang korapsyon. Nalantad ang papel niya sa pagkopo ng negosyanteng si Dennis Uy sa kontrata sa pagtatayo ng ikatlong kumpanya sa telekomunikasyon sa bansa. Bahagi si Esperon ng komiteng namamahala sa pagpili ng kumpanya ni Uy. Hindi kagulat-gulat sapagkat matagal na siyang "konsultant" ng Phoenix Petroleum, isang kumpanya ni Uy. Sinampahan siya noong 2010 ng kasong ismagling ng langis na ipinabasura ni Duterte. Nabunyag na tumatanggap siya ng mga pabuya kay Uy kabilang ang paggamit ng pribadong eroplano.

Sa kasagsagan naman ng operasyon ni Janet Lim Napoles, ang binansagang "pork barrel queen," kasosyo niya si Esperon sa isang kumpanya na pinaniniwalaang pinaglalagakan ng nakulimbat na pera mula sa *pork barrel*. AB

## "Gera kontra-droga," pinaiimbestigahan ng 28 bansa

Dalawampu't walong BANSA ang sumuporta sa isang resolusyon na inihain sa United Nations Human Rights Council (UNHRC) noong Hulyo 4, para itulak ang konseho na ituloy ang imbestigasyon sa lumalaking bilang ng mga pinaslang sa Pilipinas sa ilalim ng "gera kontra-droga." Inaasahan na mapagdedesisyunan ng UNHRC ang naturang resolusyon, na inihain ng Iceland, bago magsara ang sesyon nito sa Hulyo 12. Karamihan sa mga pumirma ay mga bansa sa Europe.

Kung maaprubahan, bubuo ng komprehensibong ulat ang hepe ng konseho na si Michelle Bachelet sa kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas. Nilaman din ng resolusyon ang paghikayat sa mga gubyerno na makiisa sa mga upisina ng United Nations sa pagbubukas ng bansa para sa mga pagbisita at pag-iwas sa pananakot at retalyasyon sa isasagawang imbestigasyon.

Ipinasa ang naturang resolusyon ilang araw matapos mapatay ang isang 3-taong gulang na batang babae sa operasyon ng pulis noong Hunyo 29. Sa araw na iyon, sinugod ng mga pulis ang bahay ni Renato Ulpina, ama ng bata, sa Rodriguez, Rizal. Binasag ang mga bintana at pinagbabaril ang bahay. Nasa loob ng bahay ang buong mag-anak na Ulpina.

Nagpalusot pa ang PNP sa pagsasabing hindi maiiwasan na may mangyaring masama sa mga operasyong ito, taliwas sa mahigpit na tungkulin ng mga nasa awtoridad na pangalagaan ang kaligtasan ng mga inosente, laluna ng mga menor de edad. Tinatayang higit 50 menor de edad na ang namatay dahil sa mga operasyon. AB

# Ika-6 na asembliya ng ILPS, ginanap

Ginanap ang ika-6 na asembilya ng International League of Peoples' Struggle sa Hongkong noong Hunyo 23-26.

Ang ILPS ang pinakamalawak, pinakamahalaga at pinakamilitanteng pormasyon ng mga anti-imperyalistang organisasyon. Dala ng asembliya ang temang "Ipagtagumpay ang maningning na sosyalistang hinaharap para sa sangkatauhan! Pagkaisahin ang mamamayan para labanan at wakasan ang imperyalistang digma, rasismo at pasismo."

Dumalo ang 400 delegado mula sa 44 na bansa at teritoryo sa ginanap na asembliya. Nalampasan nito ang rekord ng mga nagdaang pagtitipon. Ginanap ang asembliya sa gitna ng tumitinding kahirapan, kawalan ng trabaho, muling pagsikad ng pasistang mga rehimen at lider sa daigdig at tumitinding ligalig ng mamamayan.

Isinalaysay ng mga upisyal ang malaking pagsulong ng liga sa ekspansyon partikular sa Africa at Asia. Ilang organisasyon ang naabot sa mga rehiyong ito at nakapagtayo ng mga lokal na tsapter. Pinangunahan din ng liga ang pagbuo sa pandaigdigang *network* na People Over Profit at kilusang kampanya na Resist US War.

Sa nagdaang mga taon, ikinumpas ng ILPS sa kasapian at lokal na mga tsapter nito ang mga kampanya tulad ng paglaban sa Trans-Pacific Partnership (TPP), pagkundena sa mga pagpupulong ng ASEAN at APEC at maging ng NATO. Nakiisa ito sa panawagan ng mamamayan sa pagbabawal kay Donald Trump sa kani-kanilang mga bansa.

Noong 2015, inilunsad ang pandaigdigang araw para sa lupa, pagkain at hustisya bilang pakikiisa sa mga magsasaka sa Pilipinas. Lumahok ang mga organisasyon at pormasyong kasapi ng ILPS sa iba't ibang panig ng mundo. Nakiisa ang ILPS sa laban sa IMF-World Bank.

Lubos ang naging pagsuporta ng ILPS sa mamamayan ng Venezuela at Palestine sa harap ng patuloy na pang-aatake ng US at mga Zionist sa Israel na sinusulsulan ng US. Sinuportahan din ng liga ang mamamayan ng France sa kanilang "Yellow Vest Movement" laban sa mga pahirap na buwis ng gubyerno ni Macron. AB

## Kasong *kidnapping* laban sa abugado ng Sagay 9, ibinasura

IBINASURA NG Department of Justice ang kasong *kidnapping* laban kay Atty. Katherine Panguban, pinuno ng Women and Children's Committee ng National Union of People's Lawyers, noong Hunyo 28. Ang pagbasura ay ibinatay ng korte sa testimonya ng ina at anak nitong menor de edad na nagsasabing kusang loob silang sumama at boluntaryong nagpailalim sa kustodiya ni Panguban.

Nag-iisang saksi ang menor de edad na lalaki sa nangyaring Sagay 9 masaker noong Oktubre 20, 2018 sa Hacienda Nene, Sagay City, Negros Occidental. Idinetine ng pulisya ang batang saksi at isinailalim sa kustodiya ng Social Welfare and Development ng syudad nang walang pahintulot mula sa kanyang ina. AB

Konteksto ng G20 Osaka

# Pandaigdigang produksyon, bumabagal

Ginanap ang kumperensyang G20, ang taunang pagpupulong ng mga imperyalista at kapitalistang bansa, sa Osaka, Japan noong huling mga araw ng Hunyo. Inilunsad ito sa gitna ng istagnasyon ng sistemang kapitalista at papaigting na gera sa kalakalan sa pagitan ng US at China.

Nagtapos ang pagpupulong nang walang malinaw na naabot ang mga lider ng kapitalistang bansa para pasikarin ang sumasadsad na pandaigdigang ekonomya at mabigyan ng solusyon ang matumal na produksyong industriyal sa gitna ng sobrang produksyon ng mga batayang materyal.

Hindi rin umusad ang pagresolba sa gera sa kalakalan. Sa hiwalay na pagpupulong, nagkasundo lamang sina Donald Trump, presidente ng US, at Xi Jinping, presidente ng China, na pansamantalang itigil ang palitan ng mga sangksyon at muling pabweluhin ang negosasyon. Ito ay matapos magpahayag si Trump ng intensyong magpataw ng dagdag na taripa sa mga produktong Chinese na nagkakahalaga ng $300 bilyon.

Sa gayon, patuloy na sisidhi ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalistang bansa habang lalupang nababaon sa papatinding krisis ang mundo.

**"Slowbalisasyon"**

Noong Abril 2019, naglabas ng ulat ang World Bank na nagsabing "bumabagal" ang paglaki ng pandaigdigang ekonomya. Tinawag itong "slowbalisasyon" ng ilang ekonomistang burges para idiin ang diumano'y pagsadsad ng globalisasyon mula pa 2008. Sa aktwal, inilalarawan lamang nito ang istagnasyon ng sistemang kapitalista.

Hindi naabot ang tinataya ng World Bank na paglawak ng pandaigdigang ekonomya nang 3.9% sa taong 2018 at 2019. Mula sa 4% na pagunlad noong 2017, bumagal ito tungong 3.6% noong 2018 at inaasahang bababa pa tungong 3.3% ngayong taon. Tataas pero hindi na ulit lalampas sa 3.6% ang pandaigdigang ekonomya sa 2020.

Kabilang sa mga ibinigay na dahilan ng World Bank ang pagsadsad ng ekonomya ng China dulot ng kinakailangang mga patakaran sa pinansya, kabilang ang pagrenda sa walang regulasyong pagbabangko, gera sa kalakalan sa pagitan nito at US, paghina ng kalakalan at pamumuhunan sa loob ng European Union, at pangkalahatang pagtumal ng demand, laluna sa Asia.

Liban sa US, bumaba ang industriyal na produksyon, pangunahin sa mabibigat na industriya. Matarik ang pagbagsak ng tantos ng kalakalan laluna matapos patawan ng US ng matataas na taripa ang mga kalakal mula sa China.



**Sobrang produksyon**

Ang pagtumal ng produksyon ay nagdulot ng pagbagsak ng presyo ng mga batayang komoditi tulad ng langis, batayang metal at pagkain—mga komoditi na dati nang sobra ang produksyon.

Mula sa $81/bariles noong Oktubre 2018 (pinakamataas sa apat na taon), bumagsak tungong $61/bariles ang presyo ng krudong langis pagsapit ng Enero. Sandaling tumaas ang presyo nito noong Oktubre 2018 dulot ng pagbabawal ng US sa pag-angkat ng langis mula sa Iran. Mabilis itong bumaba sa parehong buwan dulot ng sobrang produksyon ng langis sa US at pagsuway ng mga bansa sa panggigipit ng US sa Iran.

Tanging Venezuela lamang ang nabawasan ang produksyon dulot ng mabibigat na sangksyon ng US laban dito at tuluy-tuloy na pakikialam sa pulitika. Sobra rin ang suplay ng *natural gas* at karbon dala ng matumal na demand at mas mababang presyo ng langis.

Sa kaso ng mga batayang metal, sobra-sobra ang produksyong ng *iron,* tanso, *aluminum, nickel* at *cobalt*. Nahahatak lamang pataas ang presyo ng *iron* dulot ng mga aksidente at trahedya sa pagmimina nito na nakaantala ng suplay (o *supply disruptions*, ayon sa World Bank.) Sa kaso ng *nickel,* isa ang Pilipinas sa nagtala ng sobra sa inaasahang produksyon noong nakaraang taon. Bumaba ang produksyon ng bansa sa 2017-2018 dulot ng pagbabawal ng noo'y kalihim ng Department of Environment and Natural Resources na si Gina Lopez sa *open-pit mining* sa rehiyon ng Caraga.

*"G20...," sundan sa pahina 11*

*"G20...," mula sa pahina 10*

China ang pinakamalaking tagakonsumo ng mga metal.

Sa kaso ng pagkain, sobra-sobra ang produksyon ng mga butil (bigas, trigo, *soya* at iba pa) sa US at Russia kung saan parehong malaki ang subsidyong ibinibigay sa sektor ng agrikultura.

**Pagbagal sa mga sentro ng kapitalismo**

Bumagal ang pag-unlad ng mga ekonomya ng malalaking sentro ng kapitalismo. Sa US, isa sa mga idinadahilan sa pagbagal ang matumal na paggasta ng gubyerno dulot ng ilang beses na pagkaantala ng pagpapasa sa pambansang badyet.

Nasa sentro ng labanan sa badyet ang pagtanggi ng partidong Democrat (kalaban ng mga Republican na partido naman ni Trump) na paglaanan ng pondo ang konstruksyon ng higanteng pader sa pagitan ng US at Mexico. Ipinangako ni Trump sa kanyang kampanya para pigilan diumano ang walang sagkang migrasyon ng mga Mexican at iba pang nasyunalidad gamit ang lagusang ito.

Sa Europe, patuloy na iniinda ng ekonomya ng United Kingdom ang kawalang-katiyakan ng pamumuhunan at mga negosyo paglabas ng bansa sa European Union, may kasunduan man para sa Brexit o wala. Sa Germany, tumumal ang benta ng mga produktong pangkonsumo, humina ang produksyong industriyal at bumaba ang demand para sa mga iniaangkat nito. Noong Hunyo, nagbanta ang US na patawan ng taripa ang iniluluwas nitong mga sasakyan, ang pangunahing eksport ng bansa. Sa France, tumirik ang ekonomya matapos mapaatras ng mamamayan ang panukalang itaas ang buwis sa langis sa mga protestang tinaguriang "Yellow Vest."

Nananatili namang nasa resesyon ang Japan sa kabila ng naitalang bahagyang pag-unlad (1%) sa GDP nito dulot ng mga hakbang sa pinansya na isinasagawa ng gubyerno. AB

# Trump, sukdulan ang pang-aapi sa mga migrante

UMANI NG BATIKOS ang kontra-migranteng patakaran ni Donald Trump nang kumalat sa masmidya ang larawan ng mga bangkay ng mag-amang Salvadoran na nalunod sa Rio Grande noong Hunyo 4. Kinilala ang mag-ama na sina Oscar, 25, at Valeria Martinez, 3. Tinangka nilang tumawid sa Rio Grande mula Mexico tungong Texas sa US para magsangtwaryo at maghanap ng kabuhayan.

Ang kinahinatnan ng mag-amang Martinez ay isa lamang sa mga trahedyang patuloy na dinaranas ng mga migrante dulot ng higit pang pagpapahigpit ni Trump sa proseso ng pagtanggap sa kanila.

Kabilang sa mga mekanismo para pahirapan ang mga migrante ang "family separation policy" (patakaran sa paghihiwalay ng pamilya) ni Trump. Bagamat noong Abril 2018 lamang niya inanunsyo ang patakaran, ipinatupad na niya ito mula pa noong 2017. Sa ilalim nito, magkahiwalay na idinedetine ang nahuhuling mga migranteng walang papeles at kanilang mga anak. Ang mga magulang ay ikinukulong sa mga pederal na bilangguan nang hanggang anim na buwan habang ang kanilang mga anak ay inilalagay sa mga sentrong detensyon na pinangangasiwaan ng US Department of Health and Human Services.

Agad na nalantad na walang mekanismo ang nasabing patakaran para muling pagsamahin ang mga pamilya. Kadalasan, sadyang hindi isinasadokumento ng mga ahenteng pederal ang paghihiwalay sa pamilya para pahirapan ang mga magulang na hanapin ang kanilang mga anak. Dahil dito, may mga kaso na inaabot nang buwan bago matunton ng mga magulang ang kanilang mga anak. May mga kaso rin kung saan unang dinedeport ang mga anak nang hindi nalalaman ng mga magulang. Tinatawag ni Trump ang estratehiyang ito na "zero tolerance" (walang pagpaparaya). Ginagamit niya ito para takutin at pigilan ang mga dayuhang nagnanais maghanap ng seguridad at disenteng buhay na magtungo sa US.

Dahil sa malawakang pagbatikos, napilitan si Trump na pumirma ng kautusan para sa pagpapawalambisa sa patakaran noong Hunyo 2018. Subalit sa kabila nito ay patuloy na ipinatutupad ang kontra-migranteng patakaran. Sa isang ulat noong Mayo, inamin mismo ng rehimeng Trump na may 1,712 pang mga bata ang nahiwalay sa kanilang magulang mula nang ibasura niya ang patakaran. Noong nakaraang buwan, nalantad naman na walang sapat na pagkain at gamit sa sanitasyon ang isang sentrong detensyon para sa mga bata sa Clint, Texas. AB

## Panggigipit sa Venezuela at Iran, ipinataw ng US

SA PINAKAHULING TANGKANG paluhurin ang mga kalaban nitong bansa, muling nagpataw ang imperyalistang gubyerno ng US ng mga panggigipit laban sa Venezuela at Iran.

Noong Hunyo 28, pansamantalang pinigilan ng US ang paggamit *(freeze)* sa lahat ng ari-arian ng anak ni President Nicolas Maduro ng Venezuela na si Nicolas "Nicolasito" Maduro Guerra at ipinagbawal sa lahat ng Amerikano na makipagnegosyo sa kanya. Ang hakbang na ito ay ginawa matapos mabigo ang tangkang kudeta ng mga inisponsor ng US na oposisyunista laban kay Maduro noong Enero-Pebrero.

Ilang araw bago nito, noong Hunyo 25 iniutos naman ng US ang pag-*freeze* sa mga ari-arian ni Ayatollah Ali Khamenei, ang *supreme leader* ng Iran, at ng pinuno ng Foreign Ministry na si Mohammad Javad Zarif. Mariing binatikos ng Iran ang hakbang ng US. AB